

Lungsod ng San Luis Obispo

Paghinto ng Serbisyo sa Tubig ng Residensyal para sa Patakarang Hindi Pagbabayad

Bago ang paghinto ng serbisyo ng tubig sa alinmang residensyal na customer dahil sa hindi pagbabayad ng halagang dapat bayaran sa pagkakautang sa tubig, singil, kabayaran, o multa, ang Lungsod ng San Luis Obispo (“Lungsod”) ay susunod sa mga pamamaraan at kinakailangan para sa Patakarang ito. Magagamit lang ang Patakarang ito sa hindi pagpapatuloy ng mga account ng residensyal na customer batay sa hindi pagbabayad at hindi hahadlang sa Lungsod mula sa paghinto ng serbisyo para sa hindi awtorisadong mga aksyon ng customer.

1. Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan. Maaaring tawagan ng residensyal na customer ang sumusunod na numero ng telepono sa oras ng karaniwang oras na bukas ang tanggapan upang talakayin ang mga opsyon upang maiwasan ang paghinto ng serbisyo: (805) 781-7133.
2. Delingkuwensya ng Account. Katulad ng inilaan ng Munisipal na Kodigo ng Lungsod, ang bayarin sa tubig/alkantariya ay babayaran at kailangang bayaran sa oras ng presentasyon sa customer. Ang mga balanse ng account na hindi nakolekta nang buo sa binanggit na petsa ng pagbabayad sa bill ay delingkuwente at sakop ng naaangkop na parusa, tulad ng binanggit sa Munisipal na Kodigo.
3. Tagal ng Pagkadelingkuwente na Nagdudulot ng Paghinto. Ang serbisyo ng tubig sa residensyal ay maaaring ihinto dahil sa hindi pagbabayad kung ang hinihinging bayad ng customer ay hindi nabayaran sa loob ng kahit na animnapu (60) araw.

Ititigil ang serbisyo ng tubig sa alinmang Sabado, Linggo, ligal na holiday, o sa anumang oras na ang mga opisina ng negosyo ng Lungsod ay hindi bukas sa publiko.

4. Pamamaraan sa Paghinto ng Serbisyo dahil sa Hindi Pagbabayad.
 - a. Makikipag-ugnayan ang Lungsod sa customer sa pamamagitan ng sulat upang babalaan ang customer sa napipintong paghinto ng serbisyo, gawing available at ipaliwanag ang mga terminong ito ng Patakarang, talakayin ang mga opsyon upang maiwasan ang paghinto ng serbisyo, at maglaan ng ibang impormasyong kailangan ng batas, mga pito (7) araw man lamang na may pasok sa opisina bago ihinto ang serbisyo ng customer dahil sa hindi pagbabayad.
 - b. Ang nasusulat na abiso na inilarawan sa Seksyon 4(a) sa itaas ay maglalaman ng sumusunod: (1) pangalan at adres ng customer; (2) halaga ng delingkuwente; (3) petsa kung saan ang kailangang magbayad upang maiwasan ang paghinto ng serbisyo; (4) paglalarawan ng proseso upang ilapat ang pagpapahaba ng panahon upang bayaran ang mga delingkuwenteng halaga, singil o kabayaran; (5) paglalarawan ng paraan para sa petisyon para sa pagrepaso ng bayarin bill at apela; at (6) paglalarawan ng paraan kung saan maaaring humiling ang customer ng ipinagpaliban, binawasan, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kabilang ang amortisasyon sa delingkuwenteng singil sa serbisyo ng residensyal alinsunod sa Patakarang ito.
 - c. Kung ang nasusulat na abisong inilarawan sa Seksyon 4(a) ay ibinalik bilang hindi naihatid, ang Lungsod ay magpapaskil sa nakikitang lokasyon sa mga lugar ng abiso ng paghinto ng serbisyo 48 oras man lamang bago ang paghinto.

5. Pagrepaso at Apela ng Bill. Sinumang customer na tumanggap ng abiso ng napipintong paghinto ng serbisyo ay maaaring umapela sa delingkuwenteng halaga, singil, kabayaran, o mula na nagbibigay ng abiso sa paghinto, maliban kung ang apela sa parehong halaga, singil, o kabayaran ay dati nang natanggap at nalutas. Dapat maghain ng apela ang customer sa loob ng limang (5) araw na may pasok sa opisina pagkatapos matanggap ang abiso ng pagkadelingkuwente sa pamamagitan ng paghahatid ng liham ng abiso ng apela na nagpapaliwanag sa batayan ng apela, kabilang ang paliwanag ng anumang pinaghihinalaang mga pagkakamali sa mga pamamaraan ng billing ng Lungsod, at ang halaga ng bill na inaapela. Rerepasuhin, didinggin, at lulutasin ang apela alinsunod sa sumusunod na pamamaraan:
 - a. Rerepasuhin ng tanggapan ng mga Utility ang form ng apela at lahat ng materyal na na simula bilang tulong sa apela at magbibigay ng desisyon alinsunod sa Patakaran ng Komite sa Adjustment ng Billing ng Utility ng Resolusyon Blg 8032 (1992 na mga Serye).
 - b. Maaaring magbigay ang tanggapan ng mga Utility ng apela at adjust o pagpapawalang-bisa sa delingkuwenteng halaga, singil o kabayaran sa ilalim ng sumusunod na mga kalagayan:
 - i. Ang halaga, singil, kabayaran o multa ay mali ang kuwenta at dahil dito ay naipatupad nang mali;
 - ii. Alinsunod sa Patakaran ng Komite sa Adjustment ng Billing ng Utility ng Resolusyon.
 - iii. Ang customer ay kwalipikado para sa adjustment alinsunod sa seksyon 13.04.130 ng Kodigo ng Munisipal ng Lungsod.
 - c. Ang tanggapan ng mga Utility ay magpapadala ng sulat o email ng desisyon sa nag-aapela.
 - d. Ang customer ay maaaring umapela ng salungat na determinasyon ng tanggapan ng mga Utility sa Komite ng Adjustment ng Billing ng Utility sa pamamagitan ng paghahain ng apela sa loob ng sampung (10) araw na may pasok sa opisina simula sa petsa ng desisyon ng tanggapan ng mga Utility.
6. Ipinagpaliban o Binawasang Mga Bayarin at Alternatibong Mga Iskedyul ng Pagbabayad. Maaaring pahintulutan ang mga customer ng Lungsod na ipagpaliban, bawasan, o ilagay sa amortisasyon o alternatibong iskedyul ng pagbabayad ang mga delingkuwenteng halaga, singil, kabayaran, o multa, alinsunod sa mga termino ng Seksyong ito.
 - a. Ang mga pagbabawas sa delingkuwenteng halaga, singil, kabayaran, o multa ay maaari lamang ibigay sa kaganapan ng mga kalagayan sa Seksyon 5 ng Patakarang ito.
 - b. Ang isang huling pagbabayad o multa ay maaaring iwaksi bawat labindalawang buwan.
 - c. Ang mga delingkuwenteng halaga, singil o kabayaran ay maaaring ipagpaliban o bayaran buwan-buwan gamit ang alternatibong iskedyul na tumutugon sa sumusunod:
 - i. Ang mga kahilingan para sa pagpapaliban, amortisasyon, o mga iskedyul ng alternatibong pagbabayad ay dapat tanggapin ng Lungsod nang hindi bababa sa

isang araw na may pasok sa opisina bago ang petsa ng paghinto na binanggit sa abisong kinakailangan ng Seksyon 4 ng Patakarang ito.

- ii. Anumang plano ng pagbabayd ay magdudulot ng kabayaran sa delingkuwenteng halaga sa loob ng labindalawang (12) buwan.
- iii. Kapag hindi nakasunod ang customer sa planong napagkasunduan o hindi nagbayad ng kanilang kasalukuyang singil sa serbisyo ng residensyal sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa, pagkatapos ang serbisyo ay maaaring ihinto nang hindi mauuna nang limang (5) araw pagkatapos magpaskil ang Lungsod ng panghuling abiso ng nilalayong paghinto ng serbisyo sa isang prominente at kahanga-hangang lokasyon sa pag-aari ng customer.
- iv. Hindi lalampas ng isang amortisasyon, kakulangan o alternatibong iskedyul ng pagbabayad ang pinapayagan sa bawat labindalawang buwan, maliban kung natugunan ng customer ang mga kinakailangan ng Seksyon 7 (d) ng patakarang ito.

7. Mga Pagbabawal sa Paghinto. Hindi ititigil ang serbisyo satubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng anumang sumusunod na mga sitwasyon:

- a. Sa oras ng anumang apela sa desisyon ng Lungsod para ihinto ang serbisyo.
- b. Sa oras ng napipintong imbestigasyon ng Lungsod sa paghahabol ng customer o reklamo.
- c. Sa anumang oras kung saan ang customer ay sumusunod sa pinahintulutan ng batas na alternatibong iskedyul ng pagbabayad o plano para sa kulang o binawasang kabayaran alinsunod sa Seksyon 6 ng Patakarang ito.
- d. Sa mga sitwasyon kung saan ang customer ay nasisiyahan sa lahat ng sumusunod na tatlong kondisyon, tulad ng ipinahayag sa form na ibinigay ng Lungsod (ang "Form ng Sertipikasyon ng Mababang Kita"):
 - i. Ang customer, o nangungupahan ng customer, ay nagsumite ng sertipikasyon ng provider ng pangunahing pangangalaga na ang paghinto ng serbisyo ng tubig ay nagbabanta sa kalusugan at kaligtasan, residente ng mga lugar na siniserbisyuhan ng delingkuwenteng account;
 - ii. Ipinaliliwanag ng customer na siya ay pinansiyal na walang kakayahang magbayad para sa serbisyo ng tubig sa loob ng normal na siklo ng billing sa pamamagitan ng pagdedeklara sa pamamagitan ng liham na ang isa sa sumusunod na kalagayan ay magagamit; ang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program para sa mga Kababaihan, Sanggol at mga Bata, o ipinahahayag ng customer na ang kanyang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng antas ng pederal na kahirapan. Kung ang isa o higit pa sa mga kalagayang ito ay ipinaliwanag, kung gayon ang customer ay itinuturing na "Customer na Mababa ang Kita"; at

- iii. Ang customer ay handang pumasok sa kasunduan ng amortisasyon, iskedyul ng alternatibong pagbabayad, o plano para sa kulang o binawasang pagbabayad para sa lahat ng delinkuwenteng singil alinsunod sa Seksyon 6 ng Patakarang ito.
8. Mga Ugnayan ng Nagpapaupa-Nangungupahan. Ang mga probisyon ng Seksyong ito ay magagamit kung saan ang Lungsod ay nagbibigay ng serbisyo sa mga naninirahan sa residensyal at ang may-ari, tagapangasiwa, o operator ng tirahan at istruktura ay ang customer na nakatala. Bilang karagdagan sa pagbibigay ng abiso sa may-ari ng property alinsunod sa Seksyon 4 ng Patakarang ito, ang Lungsod ay magpapatupad ng sumusunod na mga panukala:
 - a. Mga sampung (10) araw man lang bago ihinto ang serbisyo, ang Lungsod ay gagawa ng magandang layuning pagsisikap upang ipaalam sa mga naninirahan sa residensyal sa pamamagitan ng sulat na ang account ng yunit ng tirahan ay delinkuwenteng, at ang serbisyon ay ipuputulin.
 - b. Ang nasusulat na abiso ay magbibigay-alam sa mga okupante na maaari silang maging customer na nakatala at tatanggap ng mga bill para sa serbisyo ng tubig ng yunit at ang mga okupante ay walang pananagutan sa mga delinkuwenteng halagang pagkakautang ng nakatalang umiiral na customer. Ang nasusulat na abiso ay dapat na nakasulat sa Ingles at sa mga wikang nakalista sa Senate Bill 998.
 - c. Ang Lungsod ay hindi kailangang gumawa ng available na serbisyo sa mga naninirahan sa residensyal maliban kung ang naninirahan sa residensyal ay sumasangayon sa mga termino at kondisyon ng serbisyo at natutugunan ang mga kinakailangan ng naaangkop na batas sa mga tuntunin ng Lungsod.
 - d. Sa kabila ng nabanggit, kung ang yunit na tinitirhan ay nakahiwalay na tirahan ng isahang pamilya na yunit ng tinitirhan, kung gayon ang Lungsod ay: (1) magbibigay ng abiso sa okupante ng paghinto ng serbisyo pitong (7) araw man lamang bago ang pinanukalang paghinto; at (2) hinihiling sa okupante na beripikahin na ang customer na may delinkuwenteng account ay may-ari ng lupa, tagapangasiwa, o ahente ng yunit na tinitirhan. Maaaring kabilang sa beripikasyon ang kasunduan ng pagpapaupa o renta, resibo ng renta, o ibang mg dokumento ng pamahalaan.
9. Pagbabalik ng Serbisyo. Agad magbibigay ng Lungsod ng impormasyon may kinalaman sa mga pamamaraan ng pagbabalik ng serbisyo sa mga customer sa oras na ang kanilang serbisyo ay ihinto, kabilang ang pagbabayad sa naaangkop na bayad sa serbisyo ng rekoneksyon. Para sa mga Customer na may Mababang Kita tulad ng tinukoy sa Seksyon 7.d.ii ang bayad sa rekoneksyon ng serbisyo ay lalampas sa aktuwal na halaga ng serbisyo ng Lungsod sa rekoneksyon ng tubig nang hanggang \$50 para sa rekoneksyon sa oras ng karaniwang negosyo at \$150 na lampas sa oras ng karaniwang negosyo. Ang bayad ay maaaring taunang i-adjust para sa mga pagbabago sa Indeks ng Presyo ng Mamimili simula sa Hulyo 1, 2020, kung binigyan ng Iskedyul sa Iba't ibang Bayarin na kinuha mula sa Resolusyon ng Konseho ng Lungsod.
10. Pag-uulat. Iuulat ng Lungsod ang bilang ng taunang mga paghinto ng residensyal na serbisyo para sa hindi pagbabayad sa website ng Lungsod.